# SULIRANIN, LAMPASAN,HUWAG TAMBAYAN

*by:*
**Vicent R. Navarro**
*OIC – Assistant Principal, FC del Rosario Integrated School*

Naaalala ko yung mga panahon na sanggol pa lamang ang aming mga anak, bilang isang ama iyon na ata ang pinakamasayang parte ng aking buhay at kasabay ng masasabi kong pinakamahirap na yugto nang pagpapalaki sa mga bata.

Walang oras na pinipili upang gampanan ang pagiging magulang at sa pakiramdam ko noon ay wala ng katapusan ang obligasyon na nakaatang sa aking balikat. Pagkatapos ng maghapong pagtuturo sa paaralan ay kailangan kong tulungan ang aking maybahay sa pag-aasikaso sa bahay,nagdaan kami sa mga panahong iilang oras ang tulog pero kailangan naming maghanapbuhay lalo na kung maysakit ang mga bata.Marahil iyon na ang pinakamabigat na dalahin para sa isang ama at ina ,yun magkakasakit ang mga anak. Masasabi mong di bale ng pagod at kung minsan ay kailangan talagang maghigpit ng sinturon huwag lamang magkakasakit ang mga bata.

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan

May mga pagkakataon na mainit ang mga ulo dala ng pagod at iba pang intindihin sa buhay pero pagkatapos ng mainit na pagtatalo kapag lumipas na ang init ng ulo sabay kayong mapapangiti ng iyong katuwang sa buhay dahil naiisip nyong iisa lang pala ang gusto nyong patunguhan, yun maayos ang mga suliranin, iyong malagpasan ninyo ang pagsubok, iyon bang magkaroon ng komportable at payapang buhay ang pamilya.

Lilipas ang panahon , akala mo ang bawat pagbangon at paghimlay natin sa higaan ay iisa lamang, pare-pareho ang bawat araw. Na ang bawat paglagpas mo sa mga lubak lubak na daan ng buhay ay sadyang kaparte lamang. Hindi mo namalayan isa ka na palang matibay na nilalang ,isang tao na nilalampasan ang mga suliranin at hindi tinatambayan.

Unti-unti makikita mo ang bunga ng iyong pagharap sa mga hamon, ang bawat malagkit na pawis na lumabas sa pagal mong katawan, ang bawat gabi na kinapos ka sa tulog sa pag-iisip anong gagawin mo sa kinabukasan para mapagaang ang buhay ng iyong pamilya.

Noon yung mga panahon na hindi ka nga sigurado kung tama ba ang ginagawa mo ,bakit parang ibinibigay mo na ang lahat pero hindi sumasapat, akala mo lang pala ang lahat.

Dahil ang bawat pagsubok ang siyang pumanday saiyong pagkatao, ang iyong paniniwala sa Dakilang Lumikha ang nagsalba saiyong lakas at tibay para hindi ka bumigay sa mga suliranin.

Lampasan mo lamang ang pagsubok , huwag kang hihinto,kahit sa panahon na ikaw ay hapong hapo na, gumagapang pero umuusad pa. Maniwala ka sa pag-ibig ng Diyos Ama, babagsak ka ngunit sasaluhin ka niya , madadapa ngunit makakabangon, magkakamali ngunit bibigyan ng pagkakataon na maging tama ,ingatan mo lamang ang iyong puso , maging mapagpasalamat sa gitna man ng problema at makikita mo makakalagpas at makakabangon ka.

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan

*References:*

https://brainlyph>